



**Karapat-dapat Ka Bang Mag-Apply para sa COVID -19 Paluwagan sa Renta sa CA? (Dapat i-tsek ang lahat upang maging karapat-dapat)**

- Ikaw ba ay nahihirapan sa paraang pinansyal at naghahanap ng tulong para sa Upa at/o mga Utility para sa iyong pangunahing tirahang nasa California?
- Mayroon ba sa inyong sambahayang nakaranas ng pagbawas/pagkawala ng kita o income O nagkaroon ng malalaking mga pagkakagastusan O iba pang paghihirap sa paraang pinansyal O kwalipikado para sa mga benepisyo ng mga walang trabaho mula Abril 1, 2020 na may kinalaman sa COVID-19?
- Mayroon ba sa inyong sambahayan ang makakapagpakitang sila ay nasa panganib ng pagkawala ng tirahan o kawalan ng katatagan sa pabahay, mayroong mga hindi bayad na upa o mga utility o naninirahan sa hindi ligtas na mga kondisyon ng tirahan?

**Kung nilagyan mo ng tsek ang LAHAT ng nasa itaas, ikaw ay karapat-dapat na mag-apply. Bago mag-apply, kakailanganin mo ang mga sumusunod na bagay. (Isang buong listahan ng mga tinatanggap na papeles ay maaaring makita sa [HousingKey.com](https://www.housingkey.com))**

- 1. Katunayan ng Pagkakakilanlan (Lahat ng miyembro ng sambahayang nakatala sa kasunduan ng pag-upa ay dapat na makapagbigay ng kahit ISANG patunay ng pagkakakilanlan)
  - Katunayan ng Kapanganakang pinagkaloob ng pamahalaan, lisensya sa pagmamaneho o identification card
  - Identification card sa trabaho
  - Lisensya/Katunayan ng Kasal o katunayan ng diborsiyo
  - Mga kasalukuyang mga katibayan sa paaralan na nagpapatunay ng kalagayan ng mag-aaral na full-time sa degree o certificate granting institution. (Para lamang sa mga kasapi ng sambahayan na may edad 18 at pataas)

\* \*

**Ang papeles ay isasailalim sa crossreference ng database o talaan ng pamahalaan at, kung saan ito naaangkop, third party. Ang pagsusuri ay upang mapatotohanan ang mga isinumiteng mga bagay at mga kabilang na kaalaman .**

\* \* \*

- 2. Patunayan ang Kinita o Income (Lahat ng miyembro ng sambahayan na may edad higit sa 18 ay nararapat na magbigay ng ISA sa mga sumusunod)
  - Mga IRS Tax Form tulad ng 1099, 1040/1040A o Schedule C ng 1040 na nagpapakita ng halagang kinita at panahon ng empleyo o pinakabagong mga statement ng federal income tax
  - W-2 form, kung ikaw ay nagkaroon ng parehong employer nang hindi bababa sa dalawang taon at ang mga pagtaas sa kinikita ay mapapatunayan
  - Pinakahuling payment stubs (magkakasunod: anim para sa lingguhang suweldo, tatlo para sa dalawang suweldo sa isang linggo o dalawang suweldo kinsenas, dalawa sa buwanang suweldo .
  - Ulat ng kinita mula sa pinagtatrabahuhan o sulat na nagsasaad ng kasalukuyang taunang kita o income
  - Mga kasulatan ng kinita
  - Mga kasalukuyang kasulatan ng bangko
- 3. Patunayan ang Tirahan (kailangan ng ISA sa mga sumusunod)
  - Kasunduan ng pagpapapaupa
  - Opisyal na sulat mula sa third party na nagpapakita ng pangalan at address
  - Library card na pinagkaloob ng pamahalaan
  - Mga utility statement mula sa provider
- 4. Patunay ng Utang na Upa (kailangan ng ISA sa mga sumusunod)
  - Isang kasalukuyang upang nilagdaan ng aplikante at kasero o sub-lessor na kinikilala ang unit kung saan nakatira ang aplikante at nagpapakita ng halaga ng bayad ng upa.
  - Kung walang nilagdaang kasunduan ng upa, ang mga sumusunod ang maaaring maging katibayan ng halaga ng bayad sa upa :
    - Mga kasulatan ng bangko , mga stub ng tseke, o iba pang mga patunay na nagpapakita ng isang kasanayan (o pattern) ng pagbabayad ng upa
    - Patotoong kasulatan ng kasero na magpapatunay sa kanya bilang may-ari o ahenteng nangangasiwa ng unit
- Patunay ng mga Utang na Bayarin sa Utility
  - Utility Bill na nagpapakita ng nakalipas o kasalukuyang halaga na kinakailangang bayaran

Kung naipagsama-sama mo na ang mga kinakailangang kaalamang nasa itaas, tumungo sa [HousingKey.com](https://www.housingkey.com) at pindutin ang COVID-19 Rent Relief upang mag-apply at i-click on COVID-19 Rent Relief para mag-apply.

Ang mga kasunduan na sublease ay hindi tinatanggap .